larawan makikita rin sina (mula kaliwa pakanan, unang hanay) Ms. Esther Go, Mr. Gerry Angping, Sec. Reyes at Atty. Estelito Mendoza. Nasa likurang hanay (mula kaliwa pakanan) naman sina Mr. Carl Ng, Asst. Sol. Gen. Karl Miranda, Arnel Casanova, Atty. Sylvette Tankiang, Ms. Tetchie Capellan, Ms. Carina Agarao at Arthur N. Aguilar.

Libreng seminar sa nais magtrabaho sa Canada

Magbibigay ng isang libreng seminar tungkol sa pagtatrabaho sa Canada ang JobCan, isang full-service recruitment company na mayroong mga temporary at permanenteng posisyon sa iba't ibang kumpanya sa Canada. Ito'y gaganapin sa Guimba, Nueva Ecija sa ika-22 ng Hulyo, sa pakikipagtulungan ng Philippine Consulate ng Winnepeg at ng 105.3 Radyo Natin Guimba.

Si Stacey Belding, isang batikang immigration lawyer at Managing Director ng JobCan, ang siyang punong tagapagsalita. Tatalakayin niya ang mga reglamento ng imigrasyon sa Canada, ang mga patakaran sa overseas recruitment, gayundin ang iba't ibang demographic factors na siyang basehan ng mga job opening doon sa kasalukuyan. Magbibigay rin siya ng payo kung paano iwasan ang mga illegal na recruiter na bumibiktima sa marami nating kababayan. Mamamahagi rin siya ng libreng immigration assessment forms.

Walang kukulektahing anumang halaga ang grupo sa kanilang pagbisita. Hindi rin obligado ang mga dadalo na gamitin ang serbisyo ng JobCan kung sakaling ituloy ang balak na pumunta ng Canada.

Para sa karagdagang katanungan, maaaring mag-email sa belding@cfblaw.ca.